SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

# MGA KASANAYANG PANG-KOMUNIKASYON NG MGA GURO AT LAWAK NG PAGGANYAK NG MGA MAG-AARAL SA PAGKATUTO NG FILIPINO

**Rodebel A. Linawan**
*Graduate School Student, Rizal Memorial Colleges, Davao City Philippiness*

**ABSTRAK**

*Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro sa pagtuturo at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng ika-10 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Bernardo D. Carpio ng Cluster 15, Sangay ng Lungsod ng Davao Taong Panuruan 2023-2024. Isang daan at limampu't dalawa ang kabuoang bilang na pinili sa paraang simple random sampling. Natuklasan na ang antas ng mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro, ang mga dimensiyon ng paggalang, pagpapahalaga, pagganyak at mapagpalayang saloobin ay may mataas na antas. Sa lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino, ang apat sa limang indikeytor ng baryabol na ito: kabisaang pansarili, mga aktibong pamamaraan sa pagkatuto, pagpapahalaga sa pagkatuto, pagpapahalaga sa pagganap ay pawang nagtamo ng mean rating na katumbas sa mataas. Isang indikeytor, ang pagpapasigla sa kapaligirang pampagkatuto ang nasa antas katamtaman. Nabunyag din na may makabuluhang ugnayan ang mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Dagdag pa, napatunayang ang tatlong dimensiyon: dimensiyon ng paggalang, dimensiyon ng pagpapahalaga, at dimensiyon ng pagganyak ay napatunayang may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *Kasanayang Pang-Komunikasyon, Pagganyak, Filipino, Rehiyon Xi*

## I. PANIMULA

Ang pagganyak ay isang pangunahing salik sa tagumpay o kabiguan ng anumang aktibidad sa klase. Nababatid, na ang tagumpay sa isang gawain ay natutupad dahil sa lawak o antas ng pagganyak ng isang tao. Sa kaso ng pag-aaral ng pangalawang wika, nasasabing ang isang mag-aaral ay magiging matagumpay kung siya ay nagtataglay ng tamang lawak o antas ng pagganyak. Namamasid ng mananaliksik sa kaniyang mga hinahawahang klase ang mababang pagganyak ng kaniyang mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Namamalas na may mababang antas ng paglahok ang mga mag-aaral sa mga gawaing pansilid-aralan, may mababang pagpapahalaga sa pagkatuto at kahinaan ng paglahok sa mga gawain sa Filipino. Maaaring titingnan at isaalang-alang na ang mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay makapagbibigay ng pagganyak sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa pagtukoy sa ugnayan ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro at lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Napiling pag-aralan ito ng mananaliksik ang paksang ito dahil sa sitwasyong kaniyang nakita at naranasan sa kaniyang mahabang taong pagtuturo ng Filipino. Ang kaniyang pansariling pagninilay ukol sa kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay maaaring makabuluhang salik ng pag-aaral.

Sa pandaigdigang antas, maraming bansa ang nakararanas ng mga suliranin kaugnay ng pagbaba ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng pangalawang wika. Ayon kina Dörnyei (2019), ang globalisasyon at mabilis na pag-usbong ng teknolohiya ay nagdulot ng pagbabago sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagkatuto ng wika. Marami sa kanila ang nawawalan ng kawilihan dahil sa labis na pag-asa sa mga awtomatikong tagasalin at kakulangan ng kontekstwal na interaksyon. Binanggit nina Ryan at Deci (2020), na ang mga mag-aaral sa iba't ibang bansa ay nakararanas ng kawalan ng tiwala sa sarili, kakulangan ng makabuluhang pagkakalantad sa target na wikang pinag-aaralan, at mababang paniniwala sa kahalagahan ng pagkatuto ng wika. Idinagdag pa nina Kim at Crossley (2020) na sa mga bansang Timog Korea at Japan, maraming mag-aaral ng pangalawang wika ang nahihirapang mapanatili ang pagganyak dahil sa mataas na akademikong presyon at kakulangan ng tulong pang-institusyon. Samantala, sa ulat nina Qu (2023), binigyang-diin na ang emosyonal na pagkabalisa, kakulangan ng mga positibong puna, at kawalan ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay mga salik na nagpapahina sa pagnanais ng mga mag-aaral na matuto ng bagong wika.

Sa Pilipinas, patuloy na isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon ang paglinang ng mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, na makikita sa mga pagbabagong pangkurikulum at programang pampaaralan. Gayunpaman, nananatiling mababa ang antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino, na nakikita sa limitadong paglahok, mahinang pagganap, at kakulangan sa pagpapahalaga

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

sa asignatura. Ipinakita nina Dela Cruz at Reyes (2021) na maraming mag-aaral sa sekundarya ang nakararamdam na ang Filipino ay isang "madaling" asignatura at hindi nangangailangan ng matinding pagsisikap, dahilan upang bumaba ang kanilang aktibong pakikilahok. Dagdag pa rito, ayon kina Sali et al. (2024), ang kawalan ng makabagong kagamitang panturo, mababang pagkakalantad sa kontekstuwalisadong araling Filipino, at kakulangan ng integrasyon sa kultura ay nagiging hadlang sa paglinang ng pagganyak ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, patuloy ang pagsisikap ng mga guro na mapahusay ang kanilang kasanayang pangkomunikasyon sa pamamagitan ng mga pagsasanay at seminar upang maging mabisang modelo at inspirasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino (Pagkalinawan, 2023).

Batay sa mga namamasid ng mananaliksik sa kaniyang sariling paaralan, nakikitang may kahinaan din ang mga mag-aaral sa kanilang pagganap sa Filipino at ang mga pangyayaring ito ay maaaring iasa sa kanilang kakulangan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika. Ang kanilang mahinang pagganap sa nabanggit na asignatura ay nagpapatunay lamang ng kanilang kawalan ng kawilihan at pagganyak.

Sa mga nailatag na mga suliranin sa itaas, minarapat ng mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral ukol sa kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Bagamat may mga pag-aaral na ukol sa pagganyak sa pagkatuto at kasayanang pang-komunikasyon ng mga guro, ang mga ito ay nalipasan na ng panahon. Sa kasalukuyang pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng iba pang indikeytor ng mga baryabol upang magalugad ang paksa. Hangarin ng pag-aaral na ito na makapag-ambag ng mga bagong kaalaman kaugnay sa pagganyak ng mga mag-aaral at kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro.

## II. PAMAMARAAN

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwantitatibo at di-eksperimental na disenyo gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Layunin ng disenyong ito na mailarawan ang kasalukuyang antas ng mga baryabol at matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga ito nang walang manipulasyon sa mga salik na pinag-aaralan.

Ang deskriptib-korelesyon na disenyo ay angkop kung ang layunin ng pananaliksik ay tukuyin ang antas, kalagayan, at ugnayan ng mga baryabol batay sa aktuwal na datos mula sa mga kalahok. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang pamamaraang sarbey bilang pangunahing teknik sa pangangalap ng datos.

Sinusukat ng pananaliksik na ito ang mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro bilang malayang baryabol at ang lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang di-malayang baryabol. Gayundin, tinukoy ang makabuluhang ugnayan ng dalawang baryabol at ang impluwensiya ng mga indikeytor ng malayang baryabol tungo sa di-malayang baryabol. Ang ganitong disenyo ay mabisa sa pagmamapa ng estado at relasyon ng mga baryabol sa isang tiyak na konteksto (Fraenkel et al., 2019).

### Mga Pamantayang Etikal

Mahigpit na sinunod sa pag-aaral na ito ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok. Isinaalang-alang ang kahalagahang panlipunan ng pananaliksik, boluntaryong paglahok, kasunduan (informed consent), pagkubli ng pagkakakilanlan, pagiging kumpidensyal ng impormasyon, potensyal na panganib, kahinaan ng mga kalahok, salungatan ng interes, at mga simulain ng katarungan at katapatan (Bhandari, 2024).

Ang lahat ng kalahok ay lumahok nang kusang-loob at may karapatang umatras anumang oras nang walang parusa. Bago ang pangangalap ng datos, ipinaliwanag sa kanila ang layunin, pamamaraan, at mga posibleng panganib at benepisyo ng pag-aaral, at pormal na nakuha ang kanilang pahintulot sa pamamagitan ng Informed Consent Form.

Pinanatili ang sa pamamagitan ng paggamit ng mga koda at ligtas na pag-iimbak ng mga datos. Isinagawa ang pag-aaral nang may minimal na panganib at may sapat na paggalang sa kalagayan ng mga kalahok bilang mga mag-aaral. Bagama't ang mananaliksik ay guro sa parehong paaralan, tiniyak ang obhetibo, patas, at tapat na pangangalap at pagsusuri ng datos upang maiwasan ang anumang salungatan ng interes (Resnik, 2020; Weiss et al., 2023).

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay 152 mag-aaral ng ika-10 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Bernardo D. Carpio, Cluster 15, Sangay ng Lungsod ng Davao, Taong Panuruan 2023–2024.

Ginamit ang *simple random sampling* upang matukoy ang laki at distribusyon ng mga kalahok. Sa pamamaraang lottery, binigyan ng pantay na pagkakataon ang bawat kasapi ng populasyon na mapili bilang bahagi ng *sample* (Creswell & Creswell, 2018; Hayes, 2021).

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ginamit sa pag-aaral ang talatanungang nasa anyong tseklist na binuo ng mananaliksik batay sa mga kaugnay na literatura. Ang instrumento ay binubuo ng dalawang bahagi:Malayàng baryabol: kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro (paggalang, pagpapahalaga, pagganyak, mapagpalayang saloobin) at Di-malayàng baryabol: pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ang instrumento ay isinailalim sa *content validation* ng mga dalubhasa at *pilot testing* sa 30 mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Cabantian. Nakamit ang Cronbach's alpha na .893 at .885, na nagpapakita ng mataas na *reliability*.

**Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos**
Humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa mga kinauukulang tanggapan bago isagawa ang pangangalap ng datos. Matapos ang pahintulot, ipinamahagi ang talatanungan at ipinaliwanag ang mga panuto. Ang mananaliksik mismo ang nangasiwa sa pangangalap ng datos at tiniyak ang pagsunod sa mga pamantayang etikal.
Matapos makalap ang mga datos, isinagawa ang maingat na pag-aanalisa gamit ang angkop na estadistikang pamamaraan**.**

**Pagsusuri ng mga Datos**
Ginamit sa pagsusuri ng mga datos ang iba't ibang estadistikal na pamamaraan. Ang Mean ay ginamit upang matukoy ang antas ng mga baryabol sa pag-aaral, samantalang ang Pearson product–moment correlation coefficient (Pearson r) ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Samantala, ginamit ang Multiple Linear Regression Analysis upang matukoy ang mga indikeytor ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro na may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

## III. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

***Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro***
Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay naipapakita sa mga Talahanayan Bilang 2, 3, 4, 5 at 6. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong mean rating.

**Dimensiyong Paggalang**. Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ayon sa *dimensiyong paggalang* ay nailalahad sa Talahanayan 2. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *tinitiyak ng aking guro na nauunawaan niya ang aking mga sinasabi* ay may mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas; (2) *ipinararamdam ng aking guro ang kaniyang paggalang sa aking opinyon* ay nagtamo ng mean rating na (4.15) katumbas sa mataas; (3) *sinasabi ng aking guro na pinahahalagahan niya ang aking pagbabahagi* ay nagtala ng mean rating na (4.12) na may palarawang katumbas na mataas; (4) *nagbibigay ang aking guro ng puna sa aking mga ibinahagi sa kaaya-ayang paraan* ay nagtala ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; at (5) *isinaalang-alang ng aking guro ang mga tugong natatangap niya sa akin* ay humantong sa mean rating na (4.05) na may palarawang katumbas na mataas.

**Talahanayan 2. Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro Ayon sa Dimensiyon ng Paggalang**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Tinitiyak ng aking guro na nauunawaan niya ang aking mga sinasabi. | 4.00 | Mataas |
| 2. | Ipinararamdam ng aking guro ang kaniyang paggalang sa aking opinyon. | 4.15 | Mataas |
| 3. | Sinasabi ng aking guro na pinahahalagahan niya ang aking pagbabahagi. | 4.12 | Mataas |
| 4. | Nagbibigay ang aking guro ng puna sa aking mga ibinahagi sa kaaya-ayang paraan. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Isinaalang-alang ng aking guro ang mga tugong natatangap niya sa akin. | 4.05 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.06** | **Mataas** |

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

Ang limang aytem sa indikeytor na naglalarawan sa *dimensiyong paggalang* ay lumikom ng pangkalahatang mean rating na (4.06) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa dimensiyong paggalang ay madalas na ginagawa ng mga guro. Sa masinsinang pagtanaw sa mga resulta, ang ukol sa pagtitiyak kung nauunawaan ng mga guro ang sinasabi ng mga mag-aaral at ang pagbibigay puna ng mga guro sa kaaya-ayang paraan sa ibinahagi ng mga mag-aaral ay bagamat nasa antas mataas, ay ang pinakamababang mean sa limang aytem.

Ang lumabas sa pag-aaral ay nauugnay sa panitikang binanggit ni Nonam (2023) na sa dimensiyong paggalang, naipakikitang talagang tinitiyak ng mga guro na nauunawaan nila ang sinasabi ng mga mag-aaral at ipinararamdam nila na kanilang iginagalang ang anumang ibinabahagi ng mga mag-aaral kaugnay sa kanilang aralin. Ang pagpapahayag ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng walang pag-iimbot na pagbabahagi ng kanilang karanasan, kaya kailangan itong igalang at isaalang-alang ninuman lalong lalo na ng mga gurong nagpapadaloy sa klase.

Nauugnay rin ang mga natuklasan sa pahayag nina Xie at Derakhsan (2021) na ang pagpapahalaga ng mga guro sa sinasabi ng mga mag-aaral na maaaring tugon sa isang tanong o paliwanag ay nagpapamalas ng kanilang kasanayan sa komunikasyon. Ang kanilang matamang pakikinig ay isang matibay na magpapamalas ng kanilang kahandaang magbigay ng pagpapahalaga at paggalang sa sinasabi ng mga mag-aaral.

**Dimensiyon ng Pagpapahalaga.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ayon sa *dimensiyon ng pagpapahalaga* ay nailalahad sa Talahanayan 3. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *inaayos ng aking guro ang mga salik na nakaaapekto sa komunikasyon sa klase* ay may mean rating na (4.22) na may palarawang katumbas na lalong mataas; (2) *hinahabaan ng aking guro ang kaniyang paseniya tuwing nakikinig sa aming mga sinasabi* ay nagtamo ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; (3) *hinahayaan ng aking guro ang buong klase na magbabahaginan ng magagandang karanasan* ay nagtala ng mean rating na (4.30) na may palarawang katumbas na lalong mataas; (4) *ipinararamdam ng aking guro ang halaga ng aming mga opinyon* ay nagtala ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; at (5) *ipinaliliwanag pa ng aking guro ang mga sagot at paliwanag* ay humantong sa mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas.

Ang limang aytem sa indikeytor na *dimensiyon ng pagpapahalaga* ay lumikom ng pangkalahatang mean rating na (4.10) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay nangangahulugang madalas na ginagawa ng mga guro. Sa pagsusuri sa mga resulta, ang ukol sa pagbabahaginan ng magagandang karanasan na sa tuwina ay hinahayaang maganap ng guro sa klase ay nagtamo ng ng mean rating na katumbas sa lalong mataas. Ito ay nagsasabing halos sa lahat ng pagkakataon ay ginagawa ito ng mga guro.

**Talahanayan 3. Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro Ayon sa Dimensiyon ng Pagpapahalaga**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inaayos ng aking guro ang mga salik na nakaaapekto sa komunikasyon sa klase. | 4.22 | Lalong Mataas |
| 2. | Hinahabaan ng aking guro ang kaniyang paseniya tuwing nakikinig sa aming mga sinasabi. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Hinahayaan ng aking guro ang buong klase na magbabahaginan ng magagandang karanasan. | 4.30 | Lalong Mataas |
| 4. | Ipinararamdam ng aking guro ang halaga ng aming mga opinyon. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Ipinaliliwanag pa ng aking guro ang mga sagot at paliwanag | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.10** | **Mataas** |

Ang mga natuklasan ukol sa *dimensiyong pagpapahalaga* bilang pantakda sa kasanayang pang-komunilkasyon ng mga guro ay nagpapatingkad sa literatura ni Sword (2022) na ang dimensiyon ng pagpapahalaga ay isa sa mga pantakda ng kasanayan sa

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

komunikasyon ay pinakamahalaga para sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, dahil ang gawain ng pagtuturo mismo ay nangangailangan ng mga ito. Sa tungkulin bilang guro, may pananagutan ang bawat isa sa pag-unawa at paghahati-hati ng mga kumplikadong impormasyon para sa malinaw na paghahatid ng impormasyong pampagkatuto sa mga mag-aaral (kapwa sa salita at nakasulat na mga mapagkukunan), paglalahad sa paraang nagpapanatili sa kanilang atensyon, at pakikinig at paglutas ng kanilang mga tanong o problema.

Kinakailangang iakma ng guro ang nilalaman para sa iba't ibang estilo ng pag-aaral, hikayatin ang mga mag-aaral na matuto, bumuo ng mga suportang ugnayan gamit ang paghihikayat at empatiya, pamahalaan ang silid-aralan, at magbigay ng angkop na pidbak. Mahalagang ayusin ng guro ang mga salik na nakaaapekto sa komunikasyon sa loob ng klase at panatilihing mahaba ang pasensiya sa pakikinig sa pagsasalaysay ng mga mag-aaral at iparamdam sa mga mag-aaral na mahalaga ang opinyon ng bawat isa (Mashburn & Yelverton, 2018).

Kung mas mahusay ang kasanayan sa komunikasyon ng mga guro sa pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga sinasabi ng mga mag-aaral, mas epektibong magagawa nila ang mga gawaing ito. Kaya, ang mga mag-aaral ay gagawa ng higit pang pag-unlad sa akademya. Natuklasan ng mga pag-aaral na ang tagumpay ng mga mag-aaral ay tuwirang nauugnay sa interaktibo, at kapaligirangg pampagkatuto na puno ng pagpapahalaga na nabuo ng mga mahuhusay na guro (Mashburn & Yelverton, 2018). Bukod pa rito, ang paraan ng pakikipag-usap sa mga mag-aaral ay maaaring positibong nakaapekto sa kanilang mga pananaw sa paaralan, kanilang papel sa silid-aralan, kanilang sarili at kanilang mga kakayahan, at ang kanilang pagganyak na magtagumpay (Dobbs & Arnold, 2019).

**Dimensiyon ng Pagganyak.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ayon sa *dimensiyon ng pagganyak* ay nailalahad sa Talahanayan 4. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *kinikilala ng aking guro ang aming mga sagot sa pamamagitan ng pagsasabi ng "magaling", "sang-ayon ako" at iba pang positibong tugon* ay may mean rating na (4.20) na may palarawang katumbas na mataas; (2) *ipinaliliwanag ng aking guro ang mga konseptong hindi namin nauunawaan* ay nagtamo ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; (3) *sinisumulan ng aking guro ang aming klase sa pamamagitan ng pagbati* ay nagtala ng mean rating na (4.29) na may palarawang katumbas na lalong mataas; (4) *tinatawag ng aking guro ang mga kaklase kong hindi gaanong nakikilahok sa talakayan* ay nagtala ng mean rating na (3.99) katumbas sa mataas; at (5) *binabago ng aking guro ang paraan ng kaniyang pagsasalita ayon sa diwa ng kaniyang binabasa o sinasabi* ay humantong sa mean rating na (3.98) na may palarawang katumbas na mataas.

Ang limang aytem sa indikeytor ng dimensiyon ng pagganyak ay lumikom ng pangkalahatang mean rating na (4.09) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay nangangahulugang madalas na ginagawa ng mga guro. Sa indikeytor na ito, nailalahad na ang kalakasan ng mga guro sa pagbibigay ng mga positobong tugon sa mga sagot ng mga mag-aaral. Nakikita rin ang magaang damdamin ng guro sa kaniyang klase sa pamamagitan ng pagbati sa kanila. Ang gawaing ito ay nagpapagaan sa mga mag-aaral na maging aktibo sa kanilang mga gawain sa klase.

**Talahanayan 4. Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro Ayon sa Dimensiyon ng Pagganyak**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kinikilala ng aking guro ang aming mga sagot sa pamamagitan ng pagsasabi ng "magaling", "sang-ayon ako" at iba pang positibong tugon. | 4.20 | Mataas |
| 2. | Ipinaliliwanag ng aking guro ang mga konseptong hindi namin nauunawaan. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Sinisumulan ng aking guro ang aming klase sa pamamagitan ng pagbati. | 4.29 | Lalong Mataas |
| 4. | Tinatawag ng aking guro ang mga kaklase kong hindi gaanong nakikilahok sa talakayan. | 3.99 | Mataas |
| 5. | Binabago ng aking guro ang paraan ng kaniyang pagsasalita ayon sa diwa ng kaniyang binabasa o sinasabi. | 3.98 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.09** | **Mataas** |

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

Ang mga natuklasang ito ukol sa *dimensiyon ng pagganyak* bilang pantakda ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ay nagsasabi ng maayos na pagkilala sa mga pahayag ng mga mag-aaral. Nagpapaabot ang mga guro ng kanilang pagkilala at pinupuri ang mga mag-aaral sa kanilang mga mag-aaral sa kanilang ibinahaging karanasan sa klase (Fatima, 2019).

Sa silid-aralan na nakasentro sa mag-aaral, hindi dapat palaging nagsasalita ang mga guro bagamat ang mga mag-aaral na punong-puno ng pagganyak dahil sa marunong kumilala ang kanilang mga guro sa kanilang opinyon at pinahahalagahan ang kanilang mga pangungusap. Gayunpaman, kapag ang guro ay nagsasalita, umaasa ang mga mag-aaral na magbigay ng kalinawan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag o pagpapalawig ng mga pangunahing idea; pagpapaliwanag o pagpapalinaw mahihirap na konsepto; at pagbigay ng malinaw na mga tagubilin para sa mga aktibidad sa klase. Ang mga mensaheng ito ay dapat na naaangkop sa pag-unawa ng mga mag-aaral (Falcon et al., 2023).

Sa pag-aaral nian Hafızoğlu at Yerdelen (2019) binanggit nilang may ilang mga kadahilanan na nag-aambag sa kakulangan ng pagganyak at negatibong saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Ang katotohanan na ang mga nakaraang pag-aaral ay nagtatag ng kasarian, ugali, sistematikong mga baryabol, klima sa silid-aralan, mga salik ng guro at mga variable ng kurikulum bilang mga salik na nakakaapekto sa mga saloobin sa agham sa pangkalahatan. Mahirap na ganap na isali ang mga mag-aaral sa proseso ng pag-aaral sa buong aralin. Kung ang mga mag-aaral ay aktibong kasangkot sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, dapat silang matuto nang mabisa. Kung hindi, hindi sila kasali at sa gayon ay maaaring magpakita ng negatibong saloobin sa pag-aaral. Ito ay pangunahing nakasalalay sa mga guro upang makuha ang mga mag-aaral na may kawilihan sa kanilang proseso ng pag-aaral at upang bigyan sila ng pansin sa buong aralin. Ang isang propesyonal at mataktikang guro ay dapat na mapangasiwaan ang klase sa positibong paraan gayundin upang makamit ang mga layunin sa pagtuturo-pagkatuto.

**Dimensiyon ng Mapagpalayang Saloobin.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ayon sa *dimensiyon ng mapagpalayang saloobin* ay nailalahad sa Talahanayan 5. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *nagbibigay ang aking guro ng sapat na pagkataon upang makapagtanong ang mga mag-aaral* ay may mean rating na (4.19) na may palarawang katumbas na mataas; (2) *nagbibigay ang aking guro ng sapat na oras upang sagutin ang kaniyang ibinibigay na tanong* ay nagtamo ng mean rating na (3.98) katumbas sa mataas; (3) *lumilikha ng mga pagkakataon ang aking guro upang malaya kaming makapagsalita sa klase* ay nagtala ng mean rating na (3.92) na may palarawang katumbas na mataas; (4) *nagpapasya ang aking guro sa mga sagot ng mga mag-aaral* ay nagtala ng mean rating na (3.98) katumbas sa mataas; at (5) *pinalalawig ng aking guro ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong* ay humantong sa mean rating na (3.93) na may palarawang katumbas na mataas.

Ang limang aytem sa indikeytor na *dimensiyon sa mapagpalayang saloobin* ay lumikom ng pangkalahatang mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa kasanayang pang-komuniksyon ng mga guro ayon sa mapagpalayang saloobin ay madalas na ginagawa ng mga guro. Sa indikeytor na ito, nailalahad na may kalakasan ang mga guro sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magtanong. Nasasabing hindi gaanong suliranin ng mga mag-aaral ang pagsunod sa tamang diin at intonasyon sa Filipino.

**Talahanayan 5. Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro Ayon sa Dimensiyon ng Mapagpalayang Saloobin**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nagbibigay ang aking guro ng sapat na pagkataon upang makapagtanong ang mga mag-aaral. | 4.19 | Mataas |
| 2. | Nagbibigay ang aking guro ng sapat na oras upang sagutin ang kaniyang ibinibigay na tanong. | 3.98 | Mataas |
| 3. | Lumilikha ng mga pagkakataon ang aking guro upang malaya kaming makapagsalita sa klase. | 3.92 | Mataas |
| 4. | Nagpapasya ang aking guro sa mga sagot ng mga mag-aaral. | 3.98 | Mataas |
| 5. | Pinalalawig ng aking guro ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong. | 3.93 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.00** | **Mataas** |

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

Ang mga natuklasan ay nasasalig sa panitikan ni Budden (2024) na madalas na ginagawa ng mga guro ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maglahad ng mga tanong para sa paglilinaw at kung lumitaw ang mga ito, mas madalas silang isara nang mabilis hangga't maaari upang ang aralin ay magpatuloy sa direksyon na itinakda ng guro. Gaya ng inilarawan ni Chung at Sasani (2023) ang mga tanong ay nagtataglay ng mga magkasalungat na kahulugan habang ang malalakas na magkasalungat na panggigipit ay pumapasok sa araw-araw na mga pattern ng pag-uusap sa silid-aralan. Sa esensiya, nararamdaman ng mga guro na wala silang oras para sa mga mag-aaral na magtanong ng kahit ano. Ang natuklasan din ay sumusuporta sa pahayag ni Sudarnoto (2023) na ang mga tanong ng mga mag-aaral ay maaaring mangahulugan ng isang pagkagambala sa normal na daloy ng mga bagay na pagkatapos ay nagbibigay ng mga banta upang kontrolin at ang kakayahang masakop ang nilalaman.

Napatunayan ding nauugnay ang natuklasan sa pahayag nina Asefa at Enashe (2024) na naging mahusay ang pakikipag-komunikasyon ng guro kung nagbibigay siya ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsalita at magpahayag. Sinisimulan niya ang klase sa pamamagitan ng tahasang pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga tanong salig sa taksonomiya ni Bloom bilang isang sistema ng pag-uuri para sa pag-aaral. Para magawa ito, ginagamit ang payak na pahayag bilang halimbawa at lunsaran sa pagtatanong. Ang pagtatanong ay inaasahang nakapanghihikayat sa mga mag-aral na maisip nang kritikal. Sa pagtatanong, tinitiyak ng guro kung naiintindihan ba ang ibig sabihin ng mga pahayag-lunsaran. Pagkatapos ay nagpapatuloy ang guro sa kanilang talakayan habang hinahayaan ang mga mag-aaral na magpahayag ng mga pangungusap o sa mga diyalogong ayon sa nabasang lunsaran.

***Buod sa Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro***

Nailalahad sa Talahanayan 6 ang mga pangkalahatang datos sa antas ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro. Ang unang indikeytor na *dimensiyon ng paggalang* ay nagtala ng mean rating na (4.06) na may palarawang katumbas na mataas. Ang *dimensiyon ng pagpapahalaga*, na ang ikalawang indikeytor ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay may mean rating na (4.10) o mataas. Naitala rin ang mean rating na (4.09) na katumbas sa mataas para sa ikatlong indikeytor, *dimensiyon ng pagganyak.* Ang panghuling indikeytor na *dimensiyon ng mapagpalayang saloobin* ay nagtamo ng mean rating na (4.00) o na may palarawang katumbas na mataas.

**Talahanayan 6. Buod sa Antas ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Dimensiyon ng Paggalang | 4.06 | Mataas |
| 2. | Dimensiyon ng Pagpapahalaga | 4.10 | Mataas |
| 3. | Dimensiyon ng Pagganyak | 4.09 | Mataas |
| 4. | Dimensiyon ng Mapagpalayang Saloobin | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.06** | **Mataas** |

Katulad ng binigyang-diin nina Cebelleros at Buenaventura (2023), ang malinaw at maayos na pakikipagkomunikasyon ng guro ay nagbubunga ng mas mataas na paglahok at pagkakasangkot ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagkatuto; kaya naman ang mataas na antas na natamo sa talahanayan ay maaaring patunay na ang mga guro sa pag-aaral na ito ay matagumpay na nakapagpapatatag ng ganitong uri ng kapaligiran. Bukod dito, tulad ng pahayag ni Sierto (2023), ang mahusay na komunikasyon ng guro ay nakaaapekto sa kagustuhan at kakayahan ng mga mag-aaral na unawain ang konsepto, partikular sa mga asignaturang nangangailangan ng malinaw na pagpapaliwanag. Samakatuwid, ang mataas na mean sa mga dimensiyon ng pagpapahalaga at pagganyak ay nagpapahiwatig na natutugunan ng mga guro ang pangangailangang ito.

Dagdag pa rito, ayon kina Kansızoğlu at Yıldız (2022), ang kasanayang pangkomunikasyon ng guro ay hindi lamang nakabatay sa kaalaman kundi nakapaloob din sa kakayahang makinig, magsalita, bumasa, at sumulat. Kung gayon, ang mataas na antas sa lahat ng dimensiyon ay maaaring sumasalamin sa kabuuang kahusayan ng mga guro sa mga makrong kasanayan, na nagiging daan sa mas malinaw na pagpapahayag at pag-unawa sa loob ng klase. Higit pa rito, gaya ng sinabi ni Sword (2020), ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng balanseng kombinasyon ng kaalaman sa nilalaman at kasanayang pangkomunikasyon; kaya naman ang nakuhang mataas na mean ay maaaring palatandaan na ang mga guro ay nagtataglay ng dalawang aspektong ito nang sabay.

Sa huli, umaayon ang resulta sa modelo ni Culler (1997, sa Bader et al., 2022) na naglalarawan ng kasanayang pangkomunikasyon sa apat na dimensiyon: paggalang, pagpapahalaga, pagganyak, at mapagpalayang saloobin na siyang ginamit sa pagsusuri ng talahanayan. Dahil dito, malinaw na ang mataas na antas ng kasanayang pangkomunikasyon ng mga guro ay hindi lamang nagpapakita ng kanilang

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

husay sa pakikipag-ugnayan kundi nagpapatunay din na nananatiling mahalaga at epektibo ang nasabing modelo sa kontemporanyong konteksto ng pagtuturo.

***Lawak ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino***

Ang mga datos na nagpapabatid sa antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay nailalahad sa mga Talahanayan Bilang 7, 8, 9, 10 at 11. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong mean rating.

**Kabisaang Pansarili.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon *kabisaang pansarili* ay nailalahad sa Talahanayan 7. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *nagsisikap akong maunawaan ang mga inaaral namin sa Filipino* ay may mean rating na (4.10) na may palarawang katumbas na mataas; (2) *naniniwala akong nauunawaan ko ang mga inaral naming aralin sa wika* ay nagtamo ng mean rating na (4.12) katumbas sa mataas; (3) *sinisikap kong masagot nang tama ang mga konseptong pang-wika* ay nagtala ng mean rating na (4.10) na may palarawang katumbas na mataas; (4) *ginagamit ko ang mga dati ko nang natutuhan sa pag-unawa ng mga aralin sa Filipino* ng mean rating na (4.05) katumbas sa mataas; at (5) *nag-aaral ako ng Filipino kahit nahihirapan ako rito* ay humantong sa mean rating na (4.05) na may palarawang katumbas na mataas.

Ang limang aytem na naglalarawan sa indikeytor na *kabisaang pansarili sa klase* ay lumikom ng pangkalahatang mean rating na (4.08) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon sa kabisaang pansarili ay pinaniniwalaan at ginagawa ng mga mag-aaral nang madalas.

**Talahanayan 7. Antas ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Ayon sa Kabisaang Pansarili**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nagsisikap akong maunawaan ang mga inaaral namin sa Filipino. | 4.10 | Mataas |
| 2. | Naniniwala akong nauunawaan ko ang mga inaral naming aralin sa wika. | 4.12 | Mataas |
| 3. | Sinisikap kong masagot nang tama ang mga konseptong pang-wika. | 4.10 | Mataas |
| 4. | Ginagamit ko ang mga dati ko nang natutuhan sa pag-unawa ng mga aralin sa Filipino. | 4.05 | Mataas |
| 5. | Nag-aaral ako ng Filipino kahit nahihirapan ako rito. | 4.05 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.08** | **Mataas** |

Ang natuklasan ukol sa kabisaang pansarili ay nauugnay sa sinasabi ni Graham (2022) na nagsasaad na ang kabisaang pansarili sa pagkatuto ng wika ay malinaw na naipakikita sa patuloy na pagsisikap ng mag-aaral na matutuhan ang wika at sa kakayahan niyang makamit ang wastong mga tugon sa mga pagtataya. Ang mataas na mean sa mga pahayag na tumutukoy sa pag-unawa at pagsisikap sa pag-aaral ng Filipino ay patunay na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa kanilang kakayahang pangwika.

Kaugnay nito, ang mataas na antas ng pagsang-ayon sa paggamit ng dating kaalaman sa pag-unawa ng mga aralin at sa pagpapatuloy ng pag-aaral kahit may kahirapan ay nagpapakita ng aktibong sariling pagtataya at pagpupunyagi ng mga mag-aaral. Ayon kina Basileo et al. (2024), ang pagganyak na nagmumula sa kabisaang pansarili ay nagbibigay-daan sa mag-aaral na kilalanin ang sariling kalakasan at kahinaan, na nagreresulta sa mas masikhay na pagsisikap upang mapabuti ang pagganap sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto ng Filipino sapagkat nagagamit ito bilang kasanayang may saysay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Bilang karagdagan, ang mataas na mean sa pahayag na "*Nag-aaral ako ng Filipino kahit nahihirapan ako rito*" ay nagpapahiwatig ng malinaw na kagustuhang matuto at matatag na mithiin ng mga mag-aaral. Ang ganitong disposisyon ay umaayon sa pahayag nina Iacomini et al. (2023) na ang bilis at kahusayan sa pagkatuto ay malapit na kaugnay ng malinaw na layunin, mataas na mithiin, at

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

kaalaman sa inaasahang resulta ng pagkatuto. Samakatuwid, pinatutunayan ng mga natuklasan na ang mataas na antas ng kabisaang pansarili ay isang mahalagang salik sa pagpapanatili ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino, na may positibong implikasyon sa kanilang patuloy na pag-unlad sa kasanayang pangwika.

**Mga Aktibong Pamamaraan sa Pagkatuto.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon sa *mga aktibong pamamaraan sa pagkatuto* ay nailalahad sa Talahanayan 8. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *nagsasagawa ako ng mga pagsasanay sa aming aralin* ay may mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas; (2) *ginagamit ko ang aking mga karanasan sa pag-unawa ng mga kaisipan* ay nagtamo ng mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas; (3) *gumagamit ako ng iba't ibang sanggunian (talatinigan, online sources/materials atbp.) sa pag-aaral* ay nagtala ng mean rating na (3.58) na may palarawang katumbas na mataas; (4) *nakikipagtalakayan ako sa aking mga kaklase at guro kung nahihirapan ako sa aking inaaral* ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; at (5) *iniuugnay ko ang aking inaaral sa mga pangyayari sa totoong buhay* ay humantong sa mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman.

Ang limang aytem na naglalarawan sa indikeytor na *mga aktibong pamamaraan sa pagkatuto* ay nagtala ng pangkalahatang mean rating na (3.52) na may palarawang katumbas na mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga aytem na naglalarawan sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon sa mga aktibong pamamaraan ay madalas nakikita o ginagawa ng mga mag-aaral. Higit sa lahat ng mga aytem ukol sa indikeytor na ito, ay ang pagsasagawa ng mga pagsasanay sa mga aralin at paggamit ng mga karanasan sa pag-unawa ng mga kaisipan.

Ang mga natuklasan ukol sa mga aktibong pamamaraan sa pagkatuto ay nasasalig sa *teoryang constructivism*, na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay bumubuo ng sariling pag-unawa sa isang paksa sa pamamagitan ng pagbuo sa kanilang dating kaalaman. Sa pamamagitan ng aktibong pagkatuto, nagiging pokus ang pagbuo ng kaalaman ng mag-aaral sa halip na payak na paghahatid ng impormasyon. Ang paggamit ng mga ginabayang gawain, pakikipag-ugnayan, at mga kapaligirang nagtataguyod ng malalim na pagkatuto ay sumusuporta sa mataas na antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa mga aktibong pamamaraan (Chand, 2024).

**Talahanayan 8. Antas ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Ayon sa Mga Aktibong Pamamaraan sa Pagkatuto**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nagsasagawa ako ng mga pagsasanay sa aming aralin. | 4.00 | Mataas |
| 2. | Ginagamit ko ang aking mga karanasan sa pag-unawa ng mga kaisipan. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Gumagamit ako ng iba't ibang sanggunian (*talatinigan, online sources/materials atbp.*) sa pag-aaral. | 3.58 | Mataas |
| 4. | Nakikipagtalakayan ako sa aking mga kaklase at guro kung nahihirapan ako sa aking inaaral. | 3.00 | Katamtaman |
| 5. | Iniuugnay ko ang aking inaaral sa mga pangyayari sa totoong buhay. | 3.00 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **3.52** | **Mataas** |

Pinalalakas din ng mga natuklasan ang pahayag nina Chen et al. (2022), na ang aktibong pagkatuto ay nagsasangkot ng kabuuang partisipasyon ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto, na lumalampas sa payak na panonood, pakikinig, at pagkuha ng tala. Ito ay nauugnay sa *student-centered approaches*, *problem-based learning*, at *experiential learning*, kung saan ang mga mag-aaral ay nagbabalangkas ng mga tanong, nag-aanalisa ng patunay, gumagawa ng konklusyon, at nagninilay sa kanilang pagkatuto. Ganito rin ang ipinakikita sa pag-aaral ni Ghani et al. (2021) na ang *experiential learning* ay epektibong nakapaghahanda sa mga mag-aaral na iugnay ang natutunan sa totoong buhay o propesyonal na sitwasyon.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

Higit pa rito, ayon kay Silberman (2016) na binanggit nina Sulaiman at Abdulla (2024), ang aktibong pagkatuto ay nakapagtuturo ng mas malalim na pag-unawa kaysa sa payak na pag-alala; hinihikayat nito ang paglalapat ng kaalaman sa iba't ibang sitwasyon, pinapalakas ang awtonomiya ng mag-aaral, at tinuturuan silang "kung paano matuto," na tumutulong sa pagpapaunlad ng kanilang motibasyon at kakayahang pang-akademiko. Samakatuwid, ang mataas na antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa mga aktibong pamamaraan ay malinaw na sumasalamin sa mabisang paglalapat ng teoryang *constructivism* sa kanilang pagkatuto ng Filipino.

**Pagpapahalaga sa Pagkatuto.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon pagpapahalaga sa pagkatuto ay nailalahad sa Talahanayan 9. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *naniniwala akong mahalaga ang Filipino sa pamumuhay* ay nagtamo ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; (2) *pinasisigla ng pag-aaral ko ng Filipino ang aking isip* ay umani ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; (3) *lumalahok ako sa mga pagsasadula at mga debate sa klase/paaralan a* ay nagtala ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; (4) *nagsasanay akong maging mabuting tagapagsalita* ay nagtala ng mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas; at (5) *nagsasanay akong maging isang mabisang manunulat* ay humantong sa mean rating na (4.00) na may palarawang katumbas na mataas.

Ang limang aytem na naglalarawan sa indikeytor na *pagpapahalaga sa pagkatuto* ay humantong sa pangkalahatang mean rating na (3.60) na may palarawang katumbas na mataas. Ang nabanggit na pangkalahatang mean ay nagsasabing pinaniniwalaan at ginagawa ng mga mag-aaral nang madalas ang sinasabi ng mga aytem. Ngunit, lumabas sa pagtutuos ng *mean* na may dalawang aytem na saklaw ng indikeytor na ito ang nagsasabing paminsan-minsan lamang ginagawa ng mga kalahok at ito ay ang: paniniwala na mahalaga ang Filipino sa buhay ng mga kalahok at at paglahok nila sa mga pagsasadula at debate sa klase o sa paaralan.

Ang mga natuklasan ukol sa pagganyak sa pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa pagkatuto ay nasasalig sa panitikang binanggit ni Schwartz (2022) naa ng pagpapahalaga sa pagkatuto ay isang masalimuot na proseso ng pagtatamo ng mga personal na halaga bilang mga layunin at prinsipyo ng pagganyak na gumagabay sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang mga halaga ng pagkatuto ay nakukuha sa proseso ng pagsasapanlipunan at kumakatawan sa higit pa o hindi gaanong matatag na mga personal na katangian ng mga mag-aaral. Ang pagkatuto ng halaga ay apektado ng malaking saklaw ng mga salik.

**Talahanayan 9. Antas ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Ayon sa Pagpapahalaga sa Pagkatuto**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Naniniwala akong mahalaga ang Filipino sa pamumuhay. | 3.00 | Katamtaman |
| 2. | Pinasisigla ng pag-aaral ko ng Filipino ang aking isip. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Lumalahok ako sa mga pagsasadula at mga debate sa klase/paaralan. | 3.00 | Katamtaman |
| 4. | Nagsasanay akong maging mabuting tagapagsalita. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Nagsasanay akong maging isang mabisang manunulat. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **3.60** | **Mataas** |

Ayon kay Herpratiwi (2022) ang pagganyak ng mga mag-aaral upang matuto sa isang disiplina ay nagpapamalas ng pagpapahalaga sa lipunang pang-akademik. Nalilinang ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng paglahok sa mga pagsasadula at mga debate sa klase/paaralan. Naniwala rin ang mga mag-aaral na sa pmamagitan ng pagsasanay ng isip ay nalilinang ang pag-aaral ng wika at ang paggamit nito sa mga tiyak na sitwasyon.

**Pagpapahalaga sa Pagganap.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon pagpapahalaga sa paggganap ay nailalahad sa Talahanayan 10. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *lumalahok ako sa mga gawain sa Filipino gaya ng sa Buwan ng Wika at Pista ng Katalinuhan* ay umani ng mean rating na (3.12) na katumbas sa katamtaman; (2) *nagsisikap akong magampanan nang mabuti ang mga gawain sa Filipino* ay nagkamit ng mean rating na (4.00) katumbas sa mataas; (3) *lumalahok ako sa nga pagsasadula at mga debate o talumpati sa paaralan* ay nagtala ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; (4) *nagsasanay akong*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

*maging mabuting manunuri ng akda* ay nagtala ng mean rating na (4.00) na katumbas sa mataas; at (5) *nagsasanay akong maging mahusay sa pakikipagtalastasan sa Filipino* ay humantong sa mean rating na (4.00) sa mataas.

**Talahanayan 10. Antas ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Ayon sa Pagpapahalaga sa Pagganap**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Lumalahok ako sa mga gawain sa Filipino gaya ng sa Buwan ng Wika at Pista ng Katalinuhan. | 3.00 | Katamtaman |
| 2. | Nagsisikap akong magampanan nang mabuti ang mga gawain sa Filipino. | 3.12 | Katamtaman |
| 3. | Lumalahok ako sa nga pagsasadula at mga debate o talumpati sa paaralan. | 3.00 | Katamtaman |
| 4. | Nagsasanay akong maging mabuting manunuri ng akda. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Nagsasanay akong maging mahusay sa pakikipagtalastasan sa Filipino. | 4.00 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **3.42** | **Katamtaman** |

Ang limang aytem na naglalarawan sa indikeytor na *pagpapahalaga sa pagganap* ay humantong sa pangkalahatang mean rating na (3.42) na may palarawang katumbas na mataas. Ang nabanggit na pangkalahatang mean ay nagsasabing pinaniniwalaan at ginagawa ng mga mag-aaral nang madalas ang sinasabi ng mga aytem. Ngunit, lumabas sa pagtutuos ng *mean* na may dalawang aytem na saklaw ng indikeytor na ito ang nagsasabing paminsan-minsan lamang ginagawa ng mga kalahok at ito ay ang: paniniwala na mahalaga ang Filipino sa buhay ng mga kalahok at at paglahok nila sa mga pagsasadula at debate sa klase o sa paaralan.

Ang mga natuklasan ukol sa pagpapahalaga sa pagganap ay nauugnay sa pahayag ni Kurniawati (2021) na ang pagpapahalaga sa pagganap ay nakikita sa mga resulta ng mga pagsusulit at iba pang pagtatasa ng paaralan, at ito ay isang mahalagang salik na nakakaapekto sa kabuuang pagganap ng mag-aaral sa akademiko. Ipinakikita rin nina Black at Wiliam (2018) na ang paggamit ng pagpapahalaga sa pagganap ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa pagkatuto ng mag-aaral at tumutulong sa pagbuo ng kakayahan sa totoong konteksto ng silid-aralan. Maaari din itong makatulong sa pagbibigay ng puna ukol sa ikabubuti ng paraan ng pagtuturo ng mga guro.

Dagdag pa rito, ipinababatid ng pananaliksik nina Maier et al. (2020) na ang pagpapahalaga sa pagganap ay nagpapalakas sa mga mag-aaral upang ipakita at patunayan ang kanilang nalalaman sa pamamagitan ng praktikal, realistiko at tunay na gawain, lumalampas sa simpleng pagsusulit o pagsasaulo. Ang ganitong mga pagtatasa ay napatunayang nakapagpapataas ng pakikilahok at pagganyak ng mag-aaral dahil hinihikayat nito ang paggamit ng mataas na antas ng pag-iisip, pag-aanalisa, at aplikasyon ng kaalaman sa mga totoong suliranin, na kaakibat ng layunin ng edukasyon na linangin ang kritikal na pag-iisip at kakayahang lutasin ang mga praktikal na problema (Maier et al., 2020).

**Pagpapasigla ng Kapaligirang Pampagkatuto**. Ang mga datos na naglalarawan sa lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon *pagpapasigla ng kapaligirang pampagkatuto* ay nailalahad sa Talahanayan 11. Ang bawat aytem ay binigyan ng palarawang katumbas batay sa natamong mean rating. Ang sumusunod ay ang mga aytem: (1) *nagbabahagi ako ng mga karanasan sa aming klase sa Filipino* ay umani ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; (2) *nagtatanong ako sa klase ng mga paliwanag tungkol sa simula at wakas ng isang kuwento* ay nagtamo ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; (3) *nagbabasa ako ng mga nobela* ay nagtamo ng mean rating na (2.00) na may palarawang katumbas na mababa; (4) *nagsusulat ako ng mga tula at awit sa wikang Filipino* ay nagtala ng mean rating na (3.00) na may palarawang katumbas na katamtaman; at (5) *nagbabahagi ako ng mga sariling karanasan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga sanaysay* ay may mean rating na (3.15) o katamtaman.

Ang limang aytem na naglalarawan sa indikeytor na *pagpapasigla ng kapaligirang pampagkatuto* ay humantong sa pangkalahatang mean rating na (2.83) na may palarawang katumbas na katamtaman. Ang nabanggit na pangkalahatang *mean* ay nagsasabing

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

pinaniniwalaan at ginagawa ng mga mag-aaral nang paminsan-minsan. Ngunit, lumabas sa pagtutuos ng *mean* na may isang aytem na saklaw ng indikeytor na ito ang nagsasabing bihira lamang ginagawa ng mga kalahok at ito ay ang: pagbasabasa ng nobela.

**Talahanayan 11. Lawak ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino Ayon sa Pagpapasigla ng Kapaligirang Pampagkatuto**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nagbabahagi ako ng mga karanasan sa aming klase sa Filipino. | 3.00 | Katamtaman |
| 2. | Nagtatanong ako sa klase ng mga paliwanag tungkol sa simula at wakas ng isang kuwento. | 3.00 | Katamtaman |
| 3. | Nagbabasa ako ng mga nobela. | 2.00 | Mababa |
| 4. | Nagsusulat ako ng mga tula at awit sa wikang Filipino. | 3.00 | Katamtaman |
| 5. | Nagbabahagi ako ng mga sariling karanasan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga sanaysay. | 3.15 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **2.83** | **Katamtaman** |

Ipinakikita ng mga natuklasan na ang lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ayon sa pagpapasigla ng kapaligirang pampagkatuto ay katamtaman, na nagpapahiwatig na ang mga gawaing pampagkatuto ay isinasagawa lamang nang paminsan-minsan. Ang ganitong resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Regidor et al. (2024) na nagpatunay na ang isang sumusuporta at nakakaengganyong kapaligiran sa silid-aralan ay positibong kaugnay ng mas mataas na antas ng pagganyak at kawilihan ng mga mag-aaral. Kapag ang kapaligiran ay hindi lubos na napapasigla, nananatili rin sa katamtamang antas ang kanilang pakikilahok at motibasyon sa pagkatuto.

Ang katamtamang *mean rating* sa mga aytem tulad ng pagbabahagi ng karanasan, pagtatanong sa klase, at pagsulat ng malikhaing akda ay nagpapakita na may umiiral na mga pagkakataon para sa aktibong paglahok ng mga mag-aaral. Ayon kina Cebelleros at Buenaventura (2024), ang paraan ng pakikipagkomunikasyon ng guro at ang pangkalahatang klima ng silid-aralan ay mahahalagang salik sa paghubog ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Kapag ang guro ay lumilikha ng positibong kaligiran at bukas na komunikasyon, mas nagiging handa ang mga mag-aaral na magbahagi ng ideya at karanasan sa klase.

Samantala, ang mababang antas ng pagbabasa ng nobela ay nagpapahiwatig na bihira itong isinasagawa ng mga mag-aaral, na maaaring maiugnay sa kakulangan ng sapat na motibasyon at estratehiya sa pagpapasigla ng interes sa pagbasa. Ayon kina Bernal at Palma (2024), ang kapaligiran sa silid-aralan lalo na ang sosyal at pedagohikal na aspekto nito ay may mas malakas na impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral kaysa sa iba pang salik tulad ng mabisang pagtuturo lamang. Kung hindi nagiging kaaya-aya at makahulugan ang mga gawaing pampagbasa, nagiging limitado ang interes ng mga mag-aaral sa mas mahahabang tekstong pampanitikan tulad ng nobela.

Dagdag pa rito, ipinakikita ng pananaliksik nina Azmi et al. (2024) na ang mga elementong bumubuo sa kapaligirang pampagkatuto gaya ng kaginhawahan, ugnayan sa guro at kapwa mag-aaral, at suportang nagmumula sa paaralan at pamilya ay may malaking kontribusyon sa pagpapalakas ng pagganyak ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng kanais-nais na kapaligiran ay hindi lamang nagpapataas ng pakikilahok kundi sumusuporta rin sa akademikong pagganap, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-unawa.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

***Buod sa Lawak ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino***

**Talahanayan 12. Buod sa Lawak ng Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kabisaang Pansarili | 4.08 | Mataas |
| 2. | Mga Aktibong Pamamaraan sa Pagkatuto | 3.52 | Mataas |
| 3. | Pagpapahalaga sa Pagkatuto | 3.60 | Mataas |
| 4. | Pagpapahalaga sa Pagganap | 3.42 | Mataas |
| 5. | Pagpapasigla sa Kapaligirang Pampagkatuto | 2.83 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **3.49** | **Mataas** |

Nailalahad sa Talahanayan 12 ang datos sa buod sa lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ang unang indikeytor na *kabisaang pansarili* ay nagtala ng mean rating na (4.08) na may palarawang katumbas na mataas. Ang *mga aktibong pamamaraan sa pagkatuto*, na ang ikalawang indikeytor ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay may mean rating na (3.52) o mataas. Naitala rin ang mean rating na (3.60) na katumbas sa mataas para sa ikatlong indikeytor, *pagpapahalaga sa pagkatuto.* Ang ikaapat na indikeytor na *pagpapahalaga sa pagganap* ay nagtamo ng mean rating na (3.42) o na may palarawang katumbas na mataas. Ang panghuling indikeytor na *pagpapasigla sa kapaligirang pampagkatuto* ay nagtamo ng mean rating na (2.83) o na may palarawang katumbas na katamtaman.

Ang mataas na kabuoang lawak ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay umaayon sa pahayag ng Language Education (2023) na binibigyang-diin ang iba't ibang dahilan ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase ng wika. Ayon sa literatura, ang pagganyak ay maaaring magmula sa panloob na hangaring umunlad sa pagkatuto o sa layuning higit na maunawaan ang wika at kulturang kaugnay nito. Ipinahihiwatig din ng pag-aaral na mahalagang papel ang ginagampanan ng guro sa pag-unawa at pagtugon sa mga salik ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng angkop at isinapersonal na mga estratehiya sa pagtuturo.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ng Language Education (2023) na ang pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral ay kabilang sa mga pinakaepektibong paraan upang mapataas ang pagganyak sa pagkatuto ng wika. Ang ganitong uri ng interaksyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na aktibong magamit ang kanilang kasanayang pangkomunikasyon, na siya ring nakatutulong sa pagpapanatili ng mataas na antas ng interes at pakikilahok sa pagkatuto ng Filipino. Samakatuwid, pinagtitibay ng umiiral na literatura ang pangkalahatang natuklasan ng pag-aaral hinggil sa mataas na antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

***Makabuluhang Ugnayan ng mga Kasanayang Pang-komunikasyon Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino***

**Talahanayan 13. Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng Mga Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro at Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino**

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | *p*-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| **(X)** Mga Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro | 0.783MK | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |
| **(Y)** Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino | | | | |

***MK****- Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

Namamalas sa Talahanayan Bilang 13 ang datos ng makabuluhang ugnayan ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Gamit ang *Pearson-r,* lumabas ang tinuos na *r*-value na (0.783) nang suriin ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ang nasabing *value* ay nagpapakita ng mataas na digri ng ugnayan at malakas na korelasyon. Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan sapagkat ang *p*-value na 0.00 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. ($p$=0.00 < 0.05). Ang *null hipotesis* na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang mga kasanayang pangkomunikasyon ng mga guro at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay tinanggihan. Ang kinalabasan ay pumapanig sa *alternative hypothesis* na may makabuluhang ugnayan ang mga kasanayang pangkomunikasyon ng mga guro at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Ang natuklasan ukol sa makabuluhang ugnayan ng dalawang baryabol (mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro) at (pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino) ay nasasalig sa panitikan ni (Avelino et al., 2021) na karamihan sa mga mag-aaral ay natututo ng wika dahil naniniwala sila na ito ay makikinabang sa kanila sa isang paraan. Nais nilang kumita ng mas maraming halaga upang matupad ang ilang mga kinakailangan sa edukasyon, upang maglakbay sa ibang bansa o upang makilala ang mas maraming tao sa tulong ng pagkatuto ng wika. Kung walang malakas na pagganyak, ang mga mag-aaral ay mabibigo sila sa kanilang pagtatangka at sa kanilang pag-asa na matuto ng iba't ibang kaalaman. Bukod sa papel na ginagampanan ng kakayahan sa intelektuwal at kakayahan sa wika sa pag-aaral ng pangalawa o banyagang wikaang pagganyak ay isang pangunahing salik sa matagumpay na pag-aaral ng pagkuha ng wika. Ito ay itinuturing na nakadirekta sa layunin at tinukoy bilang kumbinasyon ng pagsisikap at pagnanais na makamit ang layunin ng pag-aaral ng wika kasama ang mga kanais-nais na saloobin sa pag-aaral ng wika (Nurhidayah, 2020).

Ang pagganyak ay isa ring mahalagang kontribyutor sa pagkamit ng wika sa mga tuntunin ng mga resulta ng wika, na tradisyonal na yumakap sa istruktura ng kaalaman ng wika, ibig sabihin, bokabularyo, gramatika at pagbigkas at ang apat na pangunahing kasanayan ng wika, kabilang ang pakikinig, pag-unawa, pagbabasa at pagsulat (Nurhidayah, 2020). Sa pagtaas ng papel ng wika bilang pangalawang wika, ang papel na ginagampanan ng pagganyak bilang isa sa mga pangunahing mahalagang salik sa pag-aaral ng wika ay maaaring ituring bilang isang kagamitan na ginagamit ng mga nag-aaral sa pagkatuto ng mga pinag-aaralang wika. Nagbigay ang mga mananaliksik ng mga empirikal na ebidensya na nagtuturo sa diin sa pagganyak ng mga mag-aaral bilang isang epektibong aparato sa pagpapabuti ng wika ng mga mag-aaral (Nurhidayah, 2020).

**Mga Indikeytor ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro na may Makabuluhang Impluwensiya sa Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino**

Nailalahad sa Talahanayan 14 ang mga datos ukol sa mga indikeytor ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro na may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Batay sa mga datos, may tatlong domeyn o indikeytor ng mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro: dimensiyon ng paggalang, dimensiyon ng pagpapahalaga at dimensiyon ng pagganap ay napatunayang may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Nakikita sa talahanayan na ang mga antas ng kalahagahan ay mababa sa 0.05 (sig. value < 0.05). Ang hipotesis na nagsasabing walang indikeytor ng kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro sa pagtuturo ang may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay tinanggihan. Ang mga salik na nabanggit ay pawang natagpuang may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

**Talahanayan 14. Mga Indikeytor ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro na may Makabuluhang Impluwensiya sa Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino**

| Indicators | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | *t*-ratio | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | Std. Error | Beta | | |
| *Constant* | $\beta_0$ | 3.00 | 0.41 | 21.00 | 0.01 |
| Dimensiyon ng Paggalang | $\beta_1$ | 0.56 | 0.94 | 29.09 | 0.02 |
| Dimensiyon ng Pagpapahalaga | $\beta_2$ | 0.58 | 0.47 | 6.20 | 0.01 |
| Dimensiyon ng Pagganyak | $\beta_3$ | 0.21 | 0.68 | 12.05 | 0.01 |
| Dimensiyon ng Mapagpalayang Saloobin | $\beta_4$ | 0.16 | 0.68 | 12.05 | 0.08 |

Sa pag-aaral na ito, naging makabuluhan ang *self determination theory* nina Ryan at Deci (2020) na nagsasabing ang mga mag-aaral ay mas nagtataglay ng pagganyak kapag sila ay nakadarama ng pagsasarili, kakayahan, at koneksiyon. Ang mabisang komunikasyon ng mga guro ay maaaring sumuporta sa mga pangangailangang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na mga tagubilin (kakayahan), paghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral at pagpapatibay ng isang sumusuportang kapaligiran sa silid-aralan (pagkakaugnay).

Ang nabanggit na teorya ay sinusuportahan ng *sociocultural theory* ni Vygotsky (1985) na ginawang sandigan ng pag-aaral nina Wu et al. (2023) na nagsasabing binibigyang-diin ng panlipunang interaksiyon sa pag-aaral ang ugnayan ng guro at mga mag-aaral. Ang mga kasanayan sa komunikasyon ng mga guro ay nagpapadali sa makabuluhang pakikipag-ugnayan at pagtulong sa pagkatuto ng mag-aaral, na nagtataguyod ng pagkuha ng wika at pagganyak.

## IV. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Konklusyon

Batay sa mga pagsusuri sa mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod na konklusyon: mataas ang mga kasanayang komunikasyon ng mga guro. Ang antas pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay nasa antas mataas. Natuklasan na may isang indikeytor sa baryabol na ito ang nasa antas katamtaman, ang *pagpapasigla sa kapaligirang pampagkatuto.* Sa ikatlong suliranin, natagpuang may makabuluhang ugnayan ang mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ang hipotesis ukol sa ugnayan ng dalawang baryabol ay tinanggihan. Napatunayan din sa pag-aaral na ang mga dimensiyon: paggalang, pagpapahalaga, at pagganyak ay may makabuluhang makabuluhang impluwensiya pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Ang mga konklusyong ito ay nagpapalakas sa *Self-Determination Theory* nina Ryan at Deci (2020) na nagsasaad na mas nagiging mataas ang mga mag-aaral kapag natutugunan ang kanilang pangangailangan sa pagsasarili, kakayahan, at pagkakaugnay. Sa konteksto ng pag-aaral, ang mabisang kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro ay nagsisilbing mekanismo upang mapaunlad ang mga elementong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na mga tagubilin na nagpapalakas ng kakayahan, paghikayat sa aktibong paglahok ng mga mag-aaral na sumusuporta sa pagsasarili, at paglikha ng isang positibo at suportibong kapaligiran sa silid-aralan na nagpapalakas ng pagkakaugnay.

Higit pang pinatitibay ang teoretikal na saligan ng pag-aaral na *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1985) na binanggit nina Wu et al. (2023), na nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng panlipunang interaksiyon sa proseso ng pagkatuto. Alinsunod dito, ipinakita rin sa pag-aaral na ang mabisang komunikasyon ng guro ay nagpapadali sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, na nagsisilbing daan sa mas epektibong pagkatuto ng wika at sa pagpapalakas ng pagganyak ng mga mag-aaral. Samakatuwid, pinatutunayan ng pag-aaral na ang kasanayang pangkomunikasyon ng mga guro ay mahalagang salik sa paghubog ng isang motibado, aktibo, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng wikang Filipino.

### Rekomendasyon

Batay sa mga nabuong konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihahain ng mananaliksik upang isaalang-alang ng mga kinauukulan:

Maaaring magbalangkas ang mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon ng mga polisiya at patakaran na naglalayong paunlarin ang mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro, lalo na sa mga hindi major sa Filipino. Kasabay nito, mainam din na isama sa mga palatuntunan ang pagpapalakas ng pagganyak ng mga mag-aaral, upang maging mas mabisaa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Bukod dito, ang mga punong-gurong nangangasiwa sa mga paaralan ay maaaring magbalangkas ng mga *school-based* na pagsasanay na may diin sa paglinang ng mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro. Napatunayan sa pag-aaral na ang saloobin at kakayahan ng mga guro sa pakikipagtalastasan ay may makabuluhang impluwensiya sa pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Samakatuwid, mainam na payabungin ang kasanayang ito sa pamamagitan ng regular at napapanahong pagsasanay.

Sa kabilang banda, sa panig ng mga guro, maaaring ilakip sa kanilang *INSET* o *LAC session* ang talakayan ukol sa mga inisyatibang maaaring itaguyod upang mapalalim at mapalakas ang kanilang kasanayan sa komunikasyon. Mahalaga na maging maagap sa pagkilos ang mga guro sa pagbuo ng mga estratehiyang sumusuporta sa sariling pag-unlad at mabisabag pagtuturo.

Higit pa rito, dapat ding magsagawa ng mga pagsasanay at paligsahan para sa mga mag-aaral na nakatuon sa pagbasa ng nobela, pagsulat ng sanaysay, tula, at iba pang *genre* ng panitikan. Makabubuti rin kung maisasama ang paglinang ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino

sa mga gawaing saklaw ng National Learning Camp (NLC) o sa Catch-Up Fridays, upang maging mas holistiko ang pagkatuto at mas mataas ang antas ng paglaahok ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral na ito ay maaaring gawing batayan ng mga guro sa kanilang pagbabalangkas at pagdidisenyo ng mga aralin, lalo na sa larangan ng pagbasa. Ang paggamit ng ebidensya mula sa kasalukuyang pananaliksik ay makatutulong sa mas sistematiko at mabisang pagtuturo ng wika.

Sa huli, mainam na isagawa ang mga karagdagang pag-aaral sa hinaharap ukol sa mga kasanayang pang-komunikasyon ng mga guro at pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino gamit ang iba pang indikeytor. Maaaring gawing kalahok ang mga guro at mag-aaral mula sa antas elementarya hanggang kolehiyo upang masundan at mapalawig ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral, at higit na mapaigting ang kaalaman at praktikal na aplikasyon sa larangan ng edukasyon.

## V. MGA SANGGUNIAN


1. *Asefa, D. T., & Enashe, M. B. (2024). Teachers' role in enhancing the students' speaking skills. Language and Text, 11(1), 131–142.*
2. *Bader, S., Varianytsia, L. O., Hrechyshkina, I., & Dudnyk, O. (2022). Teachers' communicative competence as a factor in the effectiveness of the educational process. Revista Tempos e Espaços em Educação, 14(33), e16675.*
3. *Basileo, L. D., Otto, B., Lyons, M., Vannini, N., & Toth, M. D. (2024). The role of self-efficacy, motivation, and perceived support of students' basic psychological needs in academic achievement. Frontiers in Education, 9.*
4. *Bhandari, P. (2024). Ethical considerations in research: Types & examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/research-ethics/*
5. *Budden, B. (2024). Encouraging students to ask questions in the classroom. Chartered College of Teaching. https://my.chartered.college/research-hub/encouraging-students-to-ask-questions-in-the-classroom/*
6. *Cebelleros, A. G., & Buenaventura, V. P. (2023). Teachers' communication behavior and learning environment as determinants of students' engagement in junior high school. American Journal of Education and Technology, 2(6), 22–32. https://journals.e-palli.com/home/index.php/ajet/article/view/3543*
7. *Chand, S. P. (2024). Constructivism in education: Exploring the contributions of Piaget, Vygotsky, and Bruner. International Journal of Science and Research (IJSR), 12, 274–278.*
8. *Chen, Y., Lin, W., Zheng, Y., Xue, T., Chen, C., Chen, G., et al. (2022). Application of active learning strategies in metaverse to improve student engagement: An immersive blended pedagogy bridging patient care and scientific inquiry in pandemic. SSRN. https://doi.org/10.2139/ssrn.4098179*
9. *Chung, J. H. J., & Sasani, S. (2023). Communicative values of online remote learning for English language classes in higher education contexts. Journal of Classroom Interaction, 57(1).*
10. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
11. *Dela Cruz, A., & Reyes, M. (2022). Self-assessment and the PPST: A catalyst for improved teaching in Araling Panlipunan. Journal of Education and Professional Development, 45(3), 45–60.*
12. *Dobbs, J., & Arnold, D. H. (2019). The relationship between preschool teachers' reports of children's behavior and their behavior toward those children. School Psychology Quarterly.*
13. *Dörnyei, Z. (2019). Towards a better understanding of the L2 learning experience: The Cinderella of the L2 motivational self system. Studies in Second Language Learning and Teaching, 9(1), 19–30. https://doi.org/10.14746/ssllt.2019.9.1.2*
14. *Falcon, S., Admiraal, W., & Leon, J. (2023). Teachers' engaging messages and the relationship with students' performance and teachers' enthusiasm. Learning and Instruction, 86, 101750.*
15. *Fatima, F. (2019). Teachers' attitude towards brain-based learning and its effect on achievement motivation of students at university level (Doctoral dissertation, National University of Modern Languages). http://prr.hec.gov.pk/jspui/bitstream/123456789/11250/1/Fozia%20Fatima_Edu_2019_NUML_PRR.pdf*
16. *Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2019). How to design and evaluate education research (10th ed.). McGraw-Hill Education.*
17. *Ghani, A. S. A., Rahim, A. F. A., Yusoff, M. S. B., & Hadie, S. N. H. (2021). Effective learning behavior in problem-based learning: A scoping review. Medical Science Educator, 31(3), 1199–1211.*
18. *Graham, S. (2022). Self-efficacy and language learning – What it is and what it isn't. The Language Learning Journal, 50(2), 186–207.*
19. *Hafızoğlu, A., & Yerdelen, S. (2019). The role of students' motivation in the relationship between perceived learning environment and achievement in science: A mediation analysis. Science Education International, 30(4), 251–260.*
20. *Hayes, D. (2021). Simple random sample. Investopedia. https://www.investopedia.com/terms/s/simple-random-sample.asp*
21. *Iacomini, S., Vascelli, L., Artoni, V., & Berardo, F. (2020). Strategies to increase on-task behavior and the number of arithmetic facts in a group of adolescents with neurodevelopmental disorders. Journal of Clinical and Developmental Psychology, 2(2).*
22. *Kansızoğlu, H. B., & Yıldız, E. A. (2022). The relationship between listening, reading, self-efficacy for speaking and writing disposition and communication skills of prospective teachers. International Journal of Contemporary Educational Research, 9(1), 1–12. https://dergipark.org.tr/en/pub/ijcer/issue/70155/1055493*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 1 | January 2026 - Peer Reviewed Journal

23. *Kim, M., & Crossley, S. A. (2020). Second language reading and writing in relation to first language, vocabulary knowledge, and learning backgrounds. International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 25(2), 1–14.*
24. *Mashburn, A. J., & Yelverton, R. (2018). A conceptual framework for understanding and supporting children's development during the kindergarten transition. In A. J. Mashburn, J. LoCasale Crouch, & K. C. Pears (Eds.), Kindergarten transition and readiness (pp. 3–29). Springer.*
25. *Nonam, A. (2023). Communicating effectively. The Journal of Psychology, 23(2).*
26. *Pagkalinawan, L. (2023). Isang malikhaing pagtuturo ng wika tungo sa paglinang ng kakayahang komunikatibo. University of Michigan.*
27. *Qu, K. (2023). The connection between willingness to communicate and academic performance. Open Journal of Modern Linguistics, 13(4).*
28. *Resnik, D. B. (2020). Research ethics: A handbook of principles and methods. Springer.*
29. *Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective. Contemporary Educational Psychology, 61, Article 101860.*
30. *Sali, J. N., Ajijun, M. J. R., Martin, R. L., Abing, K. C. O., & Jainal, E. A. (2024). Mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa mga asignaturang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(3), 83–92. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/I248038392.pdf*
31. *Schwartz, S. H. (2021). An overview of the Schwartz theory of basic values. Online Readings in Psychology and Culture, 2(1).*
32. *Sierto, M. E. (2023). Teacher communication in science as a predictor of students' attitude and performance. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Management Research, 4(1), 45–58. https://www.babmrjournal.org/index.php/ijmaber/article/view/1292*
33. *Sudarnoto, L. F. N. (2023). The effects of self-confidence, career commitment, and quality of work life on teachers' classroom management skills. Journal of Classroom Interaction, 57(1).*
34. *Sulaiman, A. H., & Abdulla, S. (2024). The use of active learning strategies to foster effective teaching in higher education institutions. Zanco Journal of Humanity Sciences, 28(2).*
35. *Sword, R. (2020). Effective communication in the classroom: Skills for teachers. High Speed Training.*
36. *Xie, F., & Derakhshan, A. (2021). A conceptual review of positive teacher interpersonal communication behaviors in the instructional context. Frontiers in Psychology, 12, Article 708490.*